Australian Children's Education & Care Quality Authority

Filipino

Pambansang Balangkas ng Kalidad

(National Quality Framework)

1 Programang Pang-edukasyon at panununungkulan

2 Kalusugan at kaligtasan ng mga bata

3 Ginagalawang kapaligiran

4 Mga kaayusan ng mga tauhan

5 Mga relasyon sa mga kabataan

6 Mga pakikipagbakas sa mga pamilya at komunidad.

7 Pamumuno at pangangasiwa ng serbisyo

Ano ang ibig sabihin ng NQF para sa inyo

Ang Pambansang Balangkas ng Kalidad [National Quality Framework (NQF)] para sa Edukasyon at Pangangalaga ng Murang edad na Kabataan (Early Childhood Education and Care) ay nakakatulong sa katiyakang nabibigyan ang inyong anak ng pinakamagaling na panimula sa buhay.

Ang NQF ay may bagong mga pamantayan ng kalidad upang paghusayin ang edukasyon at pangangalaga sa kabuuan ng mga serbisyo sa pangmahabang-oras na paalagaan (long day care), pampamilyang paalagaan sa araw (family day care) , mga bago pa mag-eskwela (preschools), mga kindergarten (kindergartens) at paalagaan matapos ang oras ng eskwela (outside school hours).

Mga Benepisyo para sa mga pamilya

- higit na indibidwal na pangangalaga at atensyon para sa mga bata
- mas mahusay na suporta ng mga bata sa pagkakatuto at paglaki
- mga tagapagturo na may matataas na mga kasanayan at kwalipikasyon
- mas mahusay na mga proporsyon ng tagapagturo at bata sa karamihang mga serbisyo
- isang bagong sistema ng pagtasa sa mga serbisyo sa edukasyon at pangangalaga.

Bagong sistema ng pagmamarka sa kalidad

Ang Pambansang Pamantayan ng Kalidad (National Quality Standard) ay bahagi ng NQF. Nagtatatag ito ng mas mataas na sukatan para sa lahat ng mga serbisyo sa edukasyon at pangangalaga sa mga bata sa kabuuang Australya.

Ang inyong tagaserbisyo ay lalagyan ng marka sa bawa't isa sa pitong bahagi ng kalidad at isang pangkalahatang grado.

Mga pagmarka batay sa Pambansang Pamantayan ng Kalidad (National Quality Standard)

Ang tagaserbisyo ng inyong anak ay maaaring makatanggap ng isa sa tatlong mga pangkalagitnaang markang nasa ibaba.

Ang sistema ng pagtatasa at paglalagay ng marka ay dinisenyo para maintindihan ng mga pamilya at tagapagturo kung ano ang may kalidad na edukasyon at pangangalaga, at ang kalidad ay lalago at yayabong – ang patuloy na pagpapahusay.

Maaasahan ninyong ang mga serbisyo ay seryoso sa kanilang pagtingin sa kalusugan at kaligtasan. Mahalaga ang kaligtasan at kalusugan ng inyong anak sa lahat ng araw, araw-araw.

Kailangan ang Mahalagang Pagpapahusay

Hindi naabot ng tagaserbisyo ang isa sa pitong bahagi ng kalidad o ang isang seksyon ng batas at mayroong hindi mapapayagang peligro sa kaligtasan, kalusugan at kapakanan ng mga bata.

Kakailanganin ang pangmadaliang aksyon upang malutas itong mga problema.

Nagsisikap upang Maabot ang Pambansang Pamantayan ng Kalidad

Maaaring naaabot ng tagaserbisyo ang Pambansang Pamantayan ng Kalidad sa ilang hanay ng mga bahagi, subali't may isa o mahigit pang bahagi ang natukoy na dapat paghusayin.

Naabot ang Pambansang Pamantayan ng Kalidad

Naabot ng tagaserbisyo ang Pambansang Pamantayan ng Kalidad.

Ang tagaserbisyo ay nagbibigay ng may kalidad na edukasyon at pangangalaga sa lahat ng pitong bahagi ng kalidad.

Lagpas pa sa Pambansang Pamantayan ng Kalidad

Ang tagaserbisyo ay lagpas pa sa mga kinakailangan ng Pambansang Pamantayan ng Kalidad pinakamababa na ang apat sa loob ng pitong bahagi ng kalidad

Napakahusay

Nagtataguyod ng pambihirang pang-edukasyon at pangangalaga ang tagaserbisyo, nagpapakita ng pangunguna sa sektor, at nakapangako sa patuloy na pagpapahusay.

Ang ganitong marka ay maibibigay lang ng ACECQA.

Ang mga tagaserbisyo na namarkahang Lagpas pa sa Pambansang Pamantayan ng Kalidad (Exceeding National Quality Standard) ay makakapiling mag-aplay para sa ganitong grado.

Para higit pang malaman ang tungkol sa NQF at kung paano ito makakaapekto sa inyo at sa inyong anak, makipag-usap sa inyong tagaserbisyo o bisitahin ang website ng Awtoridad sa Kalidad ng Edukasyon at Pangangalaga ng Mga Bata sa Australya [Australian Children's Education and Care Quality Authority (ACECQA)] sa:

www.acecqa.gov.au/families